



DARWIN RAMOS

1994 - 2012

Si **Darwin Ramos** ay ipinanganak sa isang mahirap na pamilya sa Manila, noong ika-17 ng Disyembre, taong 1994. Sa kabila ng sakit na nag-atropiya sa kanyang mga kalamnan, na di nagtagal ay humadlang sa kanyang abilidad na makapaglakad, siya pa rin ay napuwersang mamalimos sa lansangan upang suportahan ang kanyang pamilya.

Noong 2006, siya ay tinanggap ng Tulay ng Kabataan Foundation na nangangalaga sa mga batang kalye. Siya ay bininyagan noong ika-23 ng Disyembre, pagkatapos ay tumanggap ng komunyon, at kinumpilan naman matapos ang isang taon. Ang kanyang pananampalataya ay simple ngunit malalim, at nag-uugat sa mga panalangin at pasasalamat. Sa buong panahon ng kanyang pagkasakit, siya ay puno ng pag-asa, at nagkaroon ng malalim na pakikiisa kay Hesukristo. Siya noon ay nagliliwanag sa kagalakan, at nagpapagaan din sa kalooban ng mga bata sa pundasyon.

Noong ika-16 ng Setyembre, taong 2012, tuluyang lumubha ang kanyang sakit. Pagkatapos ay parang nakaranas siya ng isang tunay na Semana Santa: Noong Huwebes, isang laban sa sarili; noong Biyernes, labis na mapayapa niyang isinulat: *“Maraming salamat po. Masayang masaya ako.”* At matapos ang isang tahimik na Sabado, siya ay namatay noong ika-23 ng Setyembre, taong 2012, araw ng Linggo.

www.darwin-ramos.org

Panalangin para sa Tagapaglingkod ng Diyos DARWIN RAMOS

O DIYOS ng lahat ng Kagalakan, Ama, Anak,
at Banal na Espiritu,
hindi mo kailanman iniwan
ang mga nasa panahon ng pagsubok.

Nagpapasalamat kami sa pagbibigay mo sa amin,
kay Darwin Ramos, isang batang kalye,
na isang maliwanag
na halimbawa ng buhay Kristiyano.

Sa loob ng kanyang maikling buhay,
siya ay iyong pinagpala
ng simpleng, walang kabiguan
na pananampalataya,
ng masiglang pag-asa sa gitna ng kasakitan,
at ng walang katapusang pagmamalasakit
para sa kanyang mga kapwa.

Ipinapanalangin namin na pagkalooban mo
ang iyong lingkod na si Darwin
ng Luwalhati dito sa lupa,
upang ang kabataan at ang may mga sakit
ay makahanap sa kanya ng lubos na Kaligayahan.

Mula sa kanyang pamamagitan,
dinggin mo ang aming panalangin,
(*ipahayag dito*).

Ipinagdarasal ka namin,
sa pamamagitan ni Hesukristo,
ating Panginoon. Amen.

Ama Namin/Aba Ginoong Maria/Luwalhati.



DARWIN RAMOS
the Filipino master of Joy

Imprimatur: +Honesto F. Ongtioco, Obispo ng Cubao (22 Nov. 2018).